

Magiliw kayong binabati ng inyong pambayang aklatan!

Ang mga pambayang aklatan sa New South Wales ay walang bayad.

Halina at nang matuklasan ninyo:

- Mga aklat tungkol sa maraming paksa – sining, isports, musika, agham at marami pang iba
- Mga kaiga-igayang aklat na babasahin, gaya ng mga nobela at kwentong pakikipagsapalaran
- Mga magasin, peryodiko, DVD at CD
- Mga aklat pambata
- Mga aklat at iba pang mapagkukunan sa pag-aaral ng Ingles
- Paggamit sa Internet
- Mga aklat na pang-matanda at pambata sa mga wikang hindi sa Ingles
- Mga lugar na makapag-aaral kayo o kung saan maaari kayong basta umupo at magbasa.

Mga aklat na nasa 40 iba't-ibang wika ay mahihiram mula sa Pambayang Aklatan ng NSW sa pamamagitan ng mga aklatang pampubliko. Kung walang aklat na nasa inyong wika sa mga lalagyan ng inyong aklatan, hilingin sa Katiwala ng Aklatan na kumuha para sa inyo mula sa Pambayang Aklatan.

Ito ay libreng serbisyo.

Makikita rin ninyo sa inyong lokal na pambayang aklatan ang:

- Mga taong makakatulong sa inyo kahit na hindi sila nagsasalita ng inyong wika
- Mga iba't-ibang serbisyo at aktibidad para sa lahat ng mga tao matanda man o bata

Mga oras ng pagbubukas sa mga araw, gabi at sabado't-linggo ay naiiba sa bawat aklatan.

Madali ang sumali. Magdala ng ilang identipikasyon na may pangalan ninyo at kasalukuyang tirahan sa aklatan na malapit sa inyong tinitirhan o pinagtatrabahuhan. Ang mga bata ay kailangang may lagda ng magulang para makasali.

Ang mga Pampublikong Aklatan ay para sa lahat: sa inyo, inyong pamilya at mga kaibigan.